**Ang gabay na ito ay maaaring may taglay na sensitibong impormasyon kaugnay sa voluntary assisted dying (tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay)**

# Gabay 4: Ang tungkulin ng mga propesyonal ng kalusugan at mga serbisyong pangkalusugan

Anong tungkulin ang dapat gampanan ng mga propesyonal ng kalusugan sa proseso ng VAD, at anong mga pag-iingat ang dapat pairalin upang maprotektahan ang mga propesyonal ng kalusugan at ang kanilang mga pasyente?

**Pagtulong sa isang tao sa buong proseso ng voluntary assisted dying (tulong sa boluntaryong pagkitil ng buhay)**
Sa ibang mga lugar sa Australya, hihingi ng tulong ang isang tao sa isang propesyonal ng kalusugan bago niya ma-access ang voluntary assisted dying at ang propesyonal ng kalusugan ay dapat magkaroon ng tamang pagsasanay upang tulungan ang isang tao sa proseso ng VAD.

Sa NT, kailangan din nating pag-isipan kung paano maa-access ng mga taong nasa rehiyon, malalayo at napakalalayong mga pook (remote) ang mga propesyonal ng kalusugan na maaaring gumabay sa isang tao sa proseso ng VAD.

Sa ibang mga lugar sa Australya, maaaring matasa ng isang doktor (ibig sabihin, isang general practitioner (GP) o medikal na espesyalista) kung maaaring maka-access sa VAD ang isang tao at tulungan siya sa buong proseso, at upang tasahin ang isang tao, ang doktor ay dapat magkumpleto ng pagsasanay sa VAD at dapat siyang magkaroon ng minimum na antas ng karanasan at mga kasanayan. Halimbawa, ang isang doktor ay dapat magkaroon ng limang taong karanasan upang makapagtasa ng isang tao. Sinasabi sa ilang mga estado na ang isang doktor ay dapat may kadalubhasaan o maging isang espesyalista sa paggamot ng karamdaman ng tao.

Ang Territory ay may maliit na populasyon na nakakalat sa isang malaking lugar, kaya maaaring walang masyadong mga doktor na makakatulong sa VAD, lalo na sa mga rehiyon at malalayong pook. Kung mahirap makahanap ng isang doktor, ang ilang mga taong marapat ay maaaring hindi maka-access sa voluntary assisted dying.

Nais naming malaman kung ang ibang uri ng mga propesyonal ng kalusugan na may tamang mga kasanayan at karanasan, gaya ng mga nars, ay dapat tumulong sa isang tao sa buong proseso ng VAD.

**Pakikipag-usap sa isang tao tungkol sa voluntary assisted dying**
Dapat bang pahintulutan ang isang propesyonal ng kalusugan na simulan ang pakikipag-usap sa isang tao tungkol sa voluntary assisted dying?

Sa ilang mga estado sa Australya, ang mga propesyonal ng kalusugan ay hindi pinapahintulutang simulan ang pakikipag-usap sa kanilang mga pasyente tungkol sa VAD. Ang tao mismo na nag-iisip tungkol sa VAD ang dapat magsimula ng pakikipag-usap.

Ang pag-access sa voluntary assisted dying ay dapat maging malayang pagpapasya ng isang tao. Subali't, kung ang isang propesyonal ng kalusugan ay hindi maaaring simulan ang pakikipag-usap sa kanyang mga

pasyente tungkol sa VAD, maaaring gawin nitong mahirap bigyan ang mga pasyente ng impormasyon tungkol sa lahat ng mga opsyon sa huling yugto ng kanilang buhay.

**Ang sangkap para sa VAD**

Nais naming malaman ang inyong opinyon kung ano ang mga responsibilidad na dapat magkaroon ang isang propesyonal ng kalusugan kaugnay sa sangkap para sa VAD.

Ang sangkap para sa VAD ay isang gamot na irereseta ng isang doktor na magsasanhi ng pagkamatay ng isang tao sa katapusan ng proseso ng VAD. Titiyakin ng mga propesyonal ng kalusugan na ang sangkap para sa VAD ay hindi makukuha ng isang tao hangga't hindi siya natasang marapat at sinunod ang prosesong kailangan.

Sa ibang mga estado sa Australya, may iba't ibang tungkulin at responsibilidad ang mga propesyonal ng kalusugan:

- Ang sangkap para sa voluntary assisted dying ay mareresetahan lamang ng isang doktor.
- Kapag nagrereseta sa isang tao ng sangkap para sa voluntary assisted dying, dapat bigyan ng doktor ang tao ng impormasyon at iulat ito sa isang independiyenteng tagasubaybay na ahensya.
- Ang sangkap para sa voluntary assisted dying ay maaari lamang ibigay ng isang parmasyutiko, at kung minsan, ang parmasyutiko ay dapat magkaroon ng karagdagang pagsasanay at pag-apruba.
- Kapag nagbibigay sa isang tao ng sangkap para sa voluntary assisted dying, ang parmasyutiko ay dapat magbigay sa tao ng impormasyon at mga babala, at kung minsan, dapat niyang berepikahin ang pagkakakilanlan ng tao upang tiyaking ang sangkap ay ibibigay sa tamang tao.
- Kung hindi posible o hindi angkop para sa isang tao na siya mismo ang gumamit ng sangkap, ang propesyonal ng kalusugan ay maaaring tumulong sa kanya sa paggamit ng sangkap kapag ang tao ay handa na.

Kung susundin ng mga propesyonal ng kalusugan ang batas, maaari silang makatulong sa voluntary assisted dying nang walang takot na sila ay gumagawa ng krimen nang di-sinasadya. Nais naming malaman ang inyong opinyon kung paano namin mapoprotektahan ang mga propesyonal ng kalusugan na kasangkot sa voluntary assisted dying, at tiyakin din na may malulubhang kahihinatnan para sa mga taong gagawa ng maling bagay.

**Mga propesyonal ng kalusugan na hindi gustong tumulong sa voluntary assisted dying**

Ilang mga propesyonal ng kalusugan ang maaaring hindi gustuhing tumulong sa VAD dahil hindi ito ang kanilang kadalubhasaan, hindi sila available, o mayroon silang makonsiyensyang pagtutol (conscientious objection) sa voluntary assisted dying. Ang makonsiyensyang pagtutol ay kapag hindi gustong makisangkot ng isang propesyonal ng kalusugan sa VAD dahil ang kanyang mga paniniwalang personal, pangkultura, o panrelihiyon ay hindi sumusuporta sa konsepto ng VAD. Sa ilang mga lugar sa Australya, ang mga propesyonal ng kalusugan ay pinapahintulutang magkaroon ng makonsiyensyang pagtutol at sila ay hindi tutulong sa isang tao sa voluntary assisted dying.

Nais naming malaman ang inyong opinyon kung paano mapoprotektahan ang mga karapatan ng mga propesyonal ng kalusugan upang panindigan ang kanilang mga paniniwala, habang pinoprotektahan din ang mga taong gustong maka-access sa voluntary assisted dying.

**Ang tungkulin ng mga serbisyong pangkalusugan sa voluntary assisted dying**

Paano dapat maka-access sa VAD ang isang tao kung siya ay nakatira o namamalagi sa isang pasilidad ng kalusugan o serbisyong pangkomunidad, gaya ng mga ospital, palliative care hospice, o mga pasilidad para sa pangangalaga ng matatanda (aged care facilties)?